

BE SAFE ★
CHICAGO ★



Maging Ligtas.
Produksyon ng Pelikula at TV

Maging Ligtas. Produksyon ng Pelikula at TV

Ano ang nasa gabay na ito?



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)

Ang maingat na muling pagbubukas ng Chicago ay nangangailangan ng:

Mga malusog na pakikisalamuha

Paglayo sa kapwa



Mga limitasyon sa pisikal na layo mula sa ibang indibidwal

Laki ng pagpupulong



Mga limitasyon sa mga pagpupulong ng mga indibidwal

Pamprotektang gamit



Paggamit ng pamprotektang gamit ng mga indibidwal

Mga kinakailangan para sa kalinisan



Pagtiyak ng malinis na pakikisalamuha (hal., paghugas ng kamay)

Mga ligtas na espasyo at kondisyon

Access sa pagpasok



Kondisyon para sa paglabas/pagpasok para sa access sa espasyo

Mga pamantayan sa paglilinis



Mga ginawa para disimpektahan ang lugar

Nakitang patnubay



Mga mapagkukunan sa kalinisan at gabay na nakapaskil sa espasyo

Mga kondisyon sa lugar ng trabaho



Pagsusuri ng dami ng taong naglalakad, bentilasyon, atbp.

Mga matatag na operasyon at pagsubaybay

Mga modelong may pleksibilidad



Pleksibilidad pagdating sa pagliban dahil sa sakit, pagtatrabaho mula sa malayo (kapag posible)

Mga matatag na operasyon



Suporta para sa pleksibilidad ng operasyon (hal., maraming shift)

Mga alituntunin sa pagbiyahe



Paghihigpit sa pagpapalipat-lipat ng lokasyon ng mga tao

Pagsusuri / pagsubaybay



Pangangasiwa ng pagsusuri at pagsubaybay

Maging Ligtas. Produksyon ng Pelikula at TV

Mga malusog na pakikisalamuha



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Ugaliin ang paglayo sa kapwa sa mga set

- Tiyakin ang >6 na talampakan sa pagitan ng lahat ng indibidwal sa set, maliban na lamang kung hindi posible dahil sa uri ng gawain (mga nagtatanghal na artista, dalawang assistant na nagbubuhay ng mabigat na gamit, pag-aayos ng buhok, makeup, costume, atbp.)
- Kapag hindi maaari ang paglayo sa kapwa, tiyaking sumusunod ang mga cast at tauhan sa mga inirerekomenda pagdating sa PPE at kalinisan (kung saan maaari)



Limitahan ang malalaking grupo at mga scene sa masisikip na kuwarto/espasyo

- Hikayatin ang produksyon na limitahan ang mga grupo ng cast at crew nang hindi hihigit sa 50 indibidwal sa masisikip na kuwarto o espasyo
- Magtalaga ng mga cohort/mga pangkat sa trabaho, alinsunod sa Pambansang Mga Alituntunin sa Kaligtasan ng Produksyon, kung saan hinihikayat ang mga indibidwal na limitahan ang mga pangunahing pakikisalamuha sa mga taong nasa loob ng kani-kanilang "zone"
- Limitahan ang kapasidad sa 50% para sa lahat ng espasyo at set na nasa loob, habang sumusunod pa rin sa paghihigpit pagdating sa laki ng pagpupulong
- Hikayatin ang mga talent na dumating nang hindi hihigit sa 10 minuto bago ang oras ng kanilang audition (para mabawasan ang siksikan sa hintayan), at na maghintay sa mga sasakyan o sa labas ng gusali (kung saan maaari)
- Ipagbawal ang malalaking eksena ng maraming tao hanggang sa magkaroon na ng bakuna

- Inirerekomendang patnubay -

**BE SAFE
CHICAGO**

Maging Ligtas. Produksyon ng Pelikula at TV

Mga malusog na pakikisalamuha



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Tiyakin ang pagsuot ng PPE ng lahat ng cast at mga tauhan, ayon sa naaangkop

- Sa lahat ng mga espasyong nasa labas at nasa loob na ginagamit ng lahat, dapat gumamit ng mga pantakip ng mukha sa ibabaw ng ilong at bibig ang lahat ng mga indibidwal (maaaring may mga pagbubukod para sa mga taong may mga medikal na kondisyon o kapansanan na humahadlang sa kanila mula sa ligtas na pagsusuot ng pantakip sa mukha)
- Kapag hindi maaari ang PPE (hal., tuwing naglalagay ng makeup o habang nasa harap ng kamera), panatilihin ang paglayo sa kapwa at limitahan ang pakikisalamuha sa mga hindi nagbabagong cohort / indibidwal (kung saan maaari)
- Para sa mga serbisyo ng makeup kung saan kailangan ang pagtanggali ng PPE, tiyaking suot ng makeup technician ang lahat ng kinakailangang PPE (hal., pantakip sa mukha, proteksyon sa mata) at na malinaw niyang kinikilala ang mga nauugnay na panganib (hal., pasalitang pagkilala, waiver)
- Hikayatin na ibigay ng produksyon ang lahat ng kinakailangang PPE para sa cast at mga tauhan (hal., pantakip sa mukha/panangga sa mukha, sanitizer sa kamay), at magpanatili ng mga reserbang supply ng PPE (hindi bababa sa x3 para sa bawat miyembro ng cast/crew)
- Maglagay ng sapat na basurahan para itapon ang gamit na PPE (maaaring ihalo ang PPE sa regular na basura)
- Tuwing naghahanap ng lokasyon para sa palabas, tanggalin ang sapatos o magsuot ng pantakip sa sapatos kung saan maaari, bukod pa sa mga karaniwang protokol sa PPE at paglayo sa kapwa

Maging Ligtas. Produksyon ng Pelikula at TV

Mga malusog na pakikisalamuha



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Tiyakin ang malinis na pakikisalamuha

- Tiyaking may access sa dumadaloy na tubig na may sabon at paper towel para sa indibwal na paggamit ang lahat ng set at lokasyon
- Maglagay ng mga istasyon para sa paghugas / pag-sanitize ng kamay sa lahat ng set na walang access sa banyo o dumadaloy na tubig (kung naaangkop, maglagay ng ilang istasyon)
- Hikayatin ang cast at tauhan na madalas maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig o sanitizer sa kamay, na iwasan ang paghawak sa kanilang mukha, at na umubo / bumahing sa tisyu o sa manggas ng kanilang damit kapag walang available na tisyu
- Para sa lahat ng serbisyo ng catering, iwasan ang paggamit ng pinaghahatiang pagkain at kubyertos; hikayatin ang mga binalot na serving at mga naitatapong kagamitan kung saan maaari

- Inirerekomendang patnubay -

Maging Ligtas. Produksyon ng Pelikula at TV

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Access sa
Pagpasok



Mga
pamantayan
sa paglilinis

Magtaguyod ng patakaran at protokol sa pagsusuri sa cast at tauhan

- Sundin ang pambansang Mga Alituntunin sa Kaligtasan ng Produksyon sa pagsusuri/pag-test sa mga miyembro ng cast at crew sa bawat "zone"
- Bago pumasok sa set, dapat suriin ng mga talent, cast, at tauhan ang kanilang sarili para matiyak na wala silang sintomas ng COVID-19 (hal., palatanungan – tingnan ang appendix)
- Hindi dapat pumasok—o hayaang manatili—sa trabaho ang mga cast at tauhan kung may sintomas sila o kapag nag-ulat sila ng pakiramdam na may sakit
- Kung maaari, ipaalam sa mga talent at ahensya ang mga karaniwang proseso bago dumating sa set (hal., paglayo sa kapwa, mga kinakailangan sa PPE, atbp.)
- Limitahan ang mga bisita maliban na lamang para sa mga esensyal na serbisyo (hal., pagpapaayos, konstruksyon), mga pagpapadala, at pag-pick up

Magpanatili ng mahigpit na protokol sa paglilinis at pagdisimpekta sa set

- Magtakda ng provider ng serbisyo para linisan kada oras ang lokasyon/set, nang nakatuon sa mga patungan at gamit na madalas hawakan (mga hawakan ng pintuan, switch ng ilaw, banyo, atbp.) at mga pinaghahatiang espasyo / kagamitan
- Masinsinang linisan ang mga set at lokasyon bawat gabi pagkatapos ng pag-shoot
- Magsagawa ng masinsinang paglilinis nang hindi bababa sa 24 (mas mabuti kung 72) na oras bago ang araw ng pag-shoot, at maglinis muli nang hindi bababa sa 24 na oras bago ibalik ang lokasyon sa may-ari
- Linisin ang mga pinaghahatiang prop, tool, at kagamitan kapag nililipat ang mga ito sa ibang tao
- Hikayatin ang mga cohort / team sa trabaho na hawakan lamang ang kanilang mga sariling kagamitan at **gear**

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE
CHICAGO

Maging Ligtas. Produksyon ng Pelikula at TV

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



**Nakikitang
patnubay**

Magpaskil ng nakikitang patnubay para sa cast at tauhan

- Magpaskil ng nakikitang patnubay para isulong ang paglayo sa kapwa, mga alituntunin ng CDC, at kalinisan sa kalusugan sa buong lokasyon at set, ayon sa naaangkop
- Malinaw na markahan ang sahig gamit ang tape o mga palatandaan para ipakita ang wastong paglayo sa kapwa sa masisikip na lugar o iba pang lugar na pinagpupulungan ng mga tao
- Maghanap ng mga ligtas na alternatibo para sa pagpaskil ng mga abiso (paggamit ng mga virtual na abiso, kung kailan maaari)



**Lugar ng
trabaho**

Ayusin ang mga kondisyon sa lugar ng trabaho at i-set up ito para isulong ang limitadong pakikisalamuha

- Kung saan pinapahintulutan, magtakda ng espasyo para sa pagkontrol ng daloy ng trapiko at isulong ang paglayo sa kapwa (hal., mga lakaran na one-way)
- Maglagay ng maraming monitor para sa panonood para masuri ang footage ng mga indibidwal na hindi esensyal sa video village (mga kliyente, producer, atbp.)
- Kung saan maaari, gumamit ng mga kagamitang nagsusulong sa paglayo sa kapwa at kalinisan (hal., mga boom mic sa halip na mga lav mic)
- Hikayatin ang mas maagang pagdating ng mga serbisyo ng catering at pagkain bago ang cast at mga tauhan (hindi kasama ang tapangasiwa ng lokasyon) para limitahan ang siksikan at pagpupulong
- Magtayo ng mga truck at tent para isulong ang paglayo sa kapwa
- Pabutihin ang pagdaloy ng hangin sa mga espasyong nasa loob (hal., mga bintana, bentilasyon) ayon sa mga alituntunin ng CDC (kung saan naaangkop)

- Inirerekomendang patnubay -

**BE SAFE
CHICAGO**

Maging Ligtas. Produksyon ng Pelikula at TV

Mga operasyon at pagsubaybay



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Limitahan ang pagpasok sa trabaho at bawasan ang pakikisalamuha ng mga empleyado, kung saan maaari

- Bawasan ang personal na pakikisalamuha (hal., pag-isipang gumamit ng mga online na pagsasanay / virtual na pagpupulong ng mga tauhan ng produksyon, mga walkie-talkie)
- Magbigay ng mga pagkakataon para sa mga hindi esensyal na tauhan na magtrabaho mula sa malayo, kung saan maaari
- Hikayatin ang mga audition na kinuhang mag-isa sa pamamagitan ng tape para mabawasan ang personal na pakikisalamuha para sa mga casting (hal., mga virtual na audition at callback)
- Ibahagi sa digital na paraan ang mga script para mabawasan ang kontaminasyon ng mga pinaghahatiang kopya
- Magsagawa ng virtual na paghahanap ng lokasyon para sa palabas kapag maaari



Hikayatin ang mga gawing naglilimita sa personal na pakikisalamuha

- Paghiwa-hiwalayin at/o iba-ibahin ang oras ng mga aktibidad sa mga shift o yugto para limitahan ang malalaking pagpupulong (hal., simula at pagtatapos ng araw, tanghalian, mga oras ng pahinga)
- Paghiwa-hiwalayin ang mga lokasyon ng trabaho sa mga zone na may maliliit na grupo, at limitahan ang harapang pakikisalamuha sa ibang tao sa set
- Kung saan maaari, gawing “touch free” o “hindi hinahawakan” ang mga espasyo para sa pag-check in at iba pang espasyo para sa paghihintay / pag-audition (hal., mobile na pag-check in), at paghiwa-hiwalayin ang mga muwebles para isulong ang paglayo sa kapwa

- Inirerekomendang patnubay -

Maging Ligtas. Produksyon ng Pelikula at TV

Mga operasyon at pagsubaybay



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Limitahan ang pagbiyahe para sa negosyo

- Kung naangkop, limitahan ang pagbiyahe ng mga tauhan sa iba't ibang lokasyon at set
- Hikayatin ang pribadong transportasyon kung saan maaari; kung hindi maaari, tiyakin ang pagsuot ng wastong PPE at paglayo sa kapwa
- Linisin ang mga patungan at lugar na madalas hawakan (manibela, hawakan ng pintuan, atbp.) nang hindi bababa sa isang beses kada araw at bago ang anumang pagpapalit ng shift
- Kung maaari, panatalihing nakabukas ang mga bintana ng sasakyan para sa bentilasyon
- Sundin ang iba pang alituntunin sa Transportasyon at Pagbobodega o Mga Alituntunin sa Taxi at Pagtawag ng Sasakyan, kung saan naangkop

Maging Ligtas. Produksyon ng Pelikula at TV

Mga operasyon at pagsubaybay



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Sundin ang mga patnubay ng CDPH at CDC para sa mga protokol para sa pagsusuri at pagsubaybay

- Sundin ang pambansang Mga Alituntunin sa Kaligtasan ng Produksyon upang suriin ang mga miyembro ng cast at crew sa bawat "zone"
- Kung magkaroon man ng COVID-19 ang isang cast o tauhan, dapat niyang sundin ang lahat ng mga alituntunin ng CDC bago bumalik sa trabaho
- Kung natukoy ang isang cast o tauhan bilang positibo sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagsusuri, dapat gawin ang paglilinis at pagdisimpekta ng mga pinapaupahang yunit ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Ang sinumang miyembro ng cast o tauhan na nagkaroon ng malapitang pakikisalamuha sa sinumang taong natukoy na may COVID-19 ay dapat mag-quarantine nang mag-isa ayon sa mga alituntunin ng CDC bago bumalik sa pinapaupahang ari-arian
- Kung nalaman ng isang set na may 2 o higit pang kaso na maaaring nauugnay sa pinapaupahang ari-arian sa loob ng magkakasunod na 14 na araw, kailangang iulat ng may-ari ang mga kaso sa CDPH
- Sundin ang lahat ng patnubay ng CDPH at sumunod sa mga rekomendasyon ng CDPH bilang tugon sa paglaganap ng sakit
- Hikayatin ang pagsasagawa ng isang beses na pag-swab sa ilong para sa RT-PCR na pagsusuri sa loob ng 48-72 oras bago ang simula ng trabaho sa set o lokasyon

- Inirerekomendang patnubay -





Glosaryo

Halimbawang palatanungan para sa pagsusuri sa sarili

Paghugas ng kamay: Ang kilos ng puspusang paglilinis ng sariling mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o paggamit ng pandisimpekta na may kakayahang tanggalin ang virus na nagdudulot ng COVID-19

Paglayo sa kapwa: Ang pisikal na paglayo nang hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal, o grupo ng mga indibidwal.

Pagtitipon: Isang grupo ng indibidwal na hindi mula sa iisang sambahayan na bahagi ng hindi planado o planadong kaganapan na nagtitipon nang higit sa sampung minuto

PPE: Personal protective equipment, o personal na kagamitang pamprotekta (hal., pantakip sa mukha, goggles, pangharang sa mukha); iba-iba ang mga kailangan batay sa industriya at mga partikular na sitwasyon

Pagsusuri sa sarili: Protokol kung saan sinasagutan ng isang empleyado ang mga tanong sa simula ng isang shift. Maaaring kabilang sa mga tanong ang mga sumusunod, sa ilalim ng patnubay ng Komisyonado ng Kalusugan:

- Nagkaroon ka ba ng temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit o gumamit ka ba ng pampababa ng lagnat sa nakaraang 24 na oras para gamutin ang temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit?
- Mayroon ka bang bagong ubo na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bago o lumalalang pananakit ng lalamunan na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bagong pangangapos ng hininga na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Nagkaroon ka ba ng ganap na pagkawala ng pang-amoy o panlasa kamakailan lamang?

Maging Ligtas. Produksyon ng Pelikula at TV

Mga Dulugan sa Pamublikong Kalusugan



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)

Mga pambansang dulugan para sa karagdagang patnubay

CDC – *Activities and Initiatives Supporting the COVID-19 Response and the President's Plan for Opening America Up Again (Mga Aktibidad at Inisyatibong Sumusuporta sa Pagtugon sa COVID-19 at ang Plano ng Pangulo para sa Pagbubukas Muli ng Amerika)*:
<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/downloads/php/CDC-Activities-Initiatives-for-COVID-19-Response.pdf>

CDC – *Guidance for Businesses and Workplaces (Gabay para sa Mga Negosyo at Lugar ng Trabaho)* <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/businesses-employers.html>

OSHA *Guidance on Preparing Workplaces for COVID-19 (Gabay sa Paghahanda ng Mga Lugar ng Trabaho para sa COVID-19)*:
<https://www.osha.gov/Publications/OSHA3990.pdf>

City of Chicago- Testing Resources (Mga Dulugan sa Pagsusuri)
[ChicagoCovidTesting.com](https://www.chicago.gov/city/en/depts/dph/svcs/prevention_and_control/COVID-19_testing_resources.html)

Mga Komite sa DGA, SAG-AFTRA, IATSE, at Teamster: Mga Alituntunin sa Kaligtasan ng Produksyon
https://www.sagaftra.org/files/sa_documents/ProductionSafetyGuidelines_June2020.pdf

Alliance of Motion picture and Television Producers: Mga Alituntunin sa Kalusugan at Kaligtasan
<https://www.filmla.com/wp-content/uploads/2020/06/IWLMSC-Task-Force-White-Paper-6-1-20.pdf>

British Film Commission- Working Safely During COVID-19 (Ligtas na Pagtatrabaho sa Panahon ng COVID-19)
<http://britishfilmcommission.org.uk/wp-content/uploads/2020/05/British-Film-Commission-Working-Safely-During-COVID-19-in-Film-and-High-end-TV-Drama-Production-01-06-20-V.1.0.pdf>

Ang anumang mga link na ibinigay sa dokumentong ito ay para sa layunin ng kaginhawaan at pagbibigay ng impormasyon lamang; hindi ito pag-endorso o pag-apruba ng Lungsod ng Chicago ng mga produkto, serbisyo, o opinyon ng korporasyon o organisasyon o indibidwal. Walang hinahawakang responsibilidad ang Lungsod ng Chicago para sa katiyakan, pagiging legal, o nilalaman ng panlabas na site o nilalaman ng mga sumusunod na link. Makipag-ugnayan sa panlabas na site para sa sagot sa mga katanungan tungkol sa nilalaman nito.

- Inirerekomendang patnubay -



Pangkalahatang
patnubay sa
lugar ng
trabaho

Patnubay sa
produksyon ng
Pelikula at TV

Pahayag ng
Pagtanggap